

PATRIA AMANDA (1916)

Sarsuwelang orihinal na kinatha ni Amando Navarette Osorio
Salin sa Ingles ni Nenita Lozada Mision
Isinalin sa Filipino ni Joey A. Arrogante

Prologo

O, bawat isa dito sa malawak na lupa
May kanyang tungkuling dapat isagawa;
Anumang dumating sa kanyang tadhana
Hindi dapat maging sanhi para ikahiya.

UNANG YUGTO (Bahagi lamang)

Tagpuan: Isang gabing maliwanag ang buwan sa isa sa mga lungsod ng Luzon, malapit sa Maynila, noong panahon ng mga **Katipunero**. Sa kasalahan ng isang malaking bahay na napapalamutian ng mga nakakuwadrong larawan, mga lantang dahon ng **pitogo**, mga artipisyal na bulaklak, atbp. Sa gitna ng mesa at ilang silya-tumba-tumba, at mga upuang “Vienna” na mahusay na nakaayos. May dalawang pinto: isa (sa kanan) patungong **beranda** at ang isa pa (sa kaliwa) patungong silid-tulugan. Sa pagbubukas ng **telon**, makikita ang mga tauhang abala lahat sa kanilang gawain: **nagsusulsi** ng mga lumang damit, nagwawalis at nagbubunot ng sahig, nagpupunas ng mga **muwebles**, nagpupunas ng mga pinggan at mga kutsara’t tinidor at kung ano-ano pa. habang sila ay abala, inaawit din nila and sumusunod:

MUSIKA:

Sabi nila’y nakahihiya ang magtapon ng basura
Magwalis at maglinis ng sahig;
Ngunit, gaano man kababa ang trabahong-bahay
Ang paggawa ng mga ito ay malaking karangalan.
Itinuturing ng mga iba ito ay kahiya-hiya,
Ang mababa sa tinging-gawa;
Dito sila namamali,
Sa harap ng Diyos tanan ay pantay-pantay.
Hindi mabibigat ang mga gawain.
Silang nagpapakumbabang gumagawa,
Ay **nagkakadangal** at dinadakila

Dahil mula sa kanilang pawis nabubuhay sila.
May ilang kabataang ganito ang **haka**...
Bilang mag-aaral, ang paggawa’y
Mababasa kanilang **pagkatimawa**.
Ngunit bakit ganito ang iniisip nila?
Mga prinsipie ma’t prinsesa sa
nadadumhang kusina.

Tagpo 1

SI PATRIA AY MAKIKITANG NAKAUPO AT NAGBABASA NG PAHAYAGAN

Pat: Sa bayan, ang Katipunan ay umalsa laban sa pamahalaan at sa Balintawak, si Bonifacio ay sumigaw ng kalayaan. Iyan ang balita rito sa pahayagan Maynila. (Ilulupi ang pahayagan) Nag-aalala ako tungkol sa balitang ito, hindi dahil sa ako’y hindi umaayon sa paghihimagsik ng bayan. Hindi. Ang ipinangangamba ko’y si tatay na ngayon ay nasa Maynila, sinusundo ang nakababata kong kapatid na lalaki na nag-aaral sa Ateneo at, walang duda, inabot sila ng gulong ito. Ano na kaya ang nangyayari sa kanila? Nilalakasan ko na lamang ang pag-asa kong nawa’y huwag silang mahagip ng mga balang ligaw. At... (mag-iisip) ngunit, ano na ang mangyayari sa aming lahat. Ano ang **kahahantungan** sa labanang ito ang **daratal**? Isa marahil sa dalawa. Ang kaligayahan ng tagumpay o ang **kapighatian** ng pagkatalo. Subalit, magagapi kaya natin ang kapangyarihan ng Espanya dito sa Pilipinas? Panahon, iyang walang salang hukom ng pinakamagaling na makahahatol at habang hindi pa natin nalalaman, manalangin tayo sa Diyos na ang kalayaan, iyang walang kasinghalaga karapatan na **ipinagkait** sa atin ng pagmamahal para sa kaniyang katutubong lupa ay maangkin natin para mabayaran ang ilog ng dugong dadanak sa lambak ng digmaan, ang ating Inang-bayan, matapos dumanas ng libo-libong pagdurusa ay maging malayang bansa at sa kaniyang kandungan, tayo na kaniyang mga anak, ay maligayang mamumuhay sa ating langit? Kung ang ating mga sandata, mga **punyal**, mga **gulok** at mga **sibat** ay hindi kakasihan ng kapalaran, kung ang ating mga pagsigaw para maging isang taong malaya’y hindi pakikingingan ng matatayog na langit, ano pa ang ating magagawa? Madilim-o! madilim nga ang ating kapalaran... (mag-iisip) Kapighatiang walang hanggan ng mga kabiyak sa

mga maglalahong asawa! Ang mga anak na mauulila ng kanilang mga ama ay tanawing kahabag-habag. At... ang mga buntong-hininga at mga luha ng mga dalagang maiwan ng kanilang mga katipan. (Yuyuko at bubumtunghininga.)

MUSIKA:

Ano ang nangyari sa mga langit
Na kahit minsa'y di dinggin ang ating pakiusap!
Silang nabubuhay sa panganib
Ay di-bigyan ng kaligayahan
Ako'y natatakot sa kamatayan
Habang iniisip ko ang ating hinaharap na mga araw.
Kaawaan kaya tayo ng Diyos
At pigilin ang naaantalang digmaan?
Ano ang kahihinatnan ng ating Pilipinas
Mapait tayong mangag-iiyakan!
Isang ilog ng dugo ang aagos
Sa mga lambak ng labanan.
Ngunit bakit ang ating mga nasa
Sa atin ay di-ibigay
Ito ba ang tinatawag nilang katarungan
Dito, dito sa kapatagan ng mga luha?
Anong dilim ng gabi!
Maulap ang kalangitan,
Nagsasaad ng isang mapanglaw na bukas
Sa ating bayang pinakahihiyas,
Kay **panglaw** din ng palad ng sinta
Na nabubuwal sa larangan ng digma
Tayo'y magwawalay kapagdaka
Sa wakas ng panahon hangga.

(Tatanaw sa malayo si Patria, malungkot; ang orchestra ay patuloy sa pagtugtog. Tatanghal si Felipe)

Tagpo 2: SA DATING SILID

Fel: Aking pinakamamahal,
Aking pinakasisinta, may dinaramdam ka ba?
Bakit ka **nagpapakahapis**
Magsaya ka, magsaya ka,
Ako'y kapiling mo na.
Tahan na
Huwag mabalisa.
Aking kabiyak, hiyas ng aking kaluluwa
Sa iyo'y may nangyayari ba?

May nangyayari ba?

Pat: Nang iyong ako ay lilisanin mo,
Hindi pa ba sapat na ikalungkot ko?
(Tatayo)
Kung ikaw'y mabalitaang patay na
Mamamalagi ako sa pagdurusa
At kung wala ka na...

O, naisip kong kailanma'y hindi na tayo magkikita.

Fel: Bakit, Patria? Saan ako pupunta?

Pat: Sa digmaan...

Fel: Nagdurugo ang puso ko pag ganyan kitang namamasdan

Pat: Bakit?

Fel: Dahil ikaw, aking **hirang**, ay luhaan.

Pat: Kaninong puso ang di **mawiwindang**
Kung ang iniirrog ay lilisan?
Anumang maaaring mangyari sa iyo.
Ay sapat nang ikapigtas ng puso ko.

Fel: O! kabiyak ng aking kaluluwa!
Sinasamo kitang huwag na sanang mangamba
Sa aking paglayo
Walang masamang daratal sa kasuyo.

Pat: Totoo? Natitiyak mo?
Kapag mabalitaan ang iyong pagkabuwal
Hindi ba ako luluha?
May dahilan ba akong matuwa?

Sabay: Ang lalaki ay tunay na maligalig
Kapag siya'y talagang umiibig
Ang babae ay maaagawan ng kaniyang katipan
Kung matitimbuwang sa larangan ng digmaan
Kahit hindi natin mahulaan
Ang mga paraan ng buhay,
Ngunit ang takot sa kamatayan
Ay maghahari sa ating isipan.

Pat: Lilisanin mo pa ba ako?

Fel: Oo!

Pat: Huwag!

Fel: Patria ng aking puso, sino ang nagsabi sa iyong ako ay aakyat sa bundok para umanib sa manghihimagsik?

Pat: Walang nagsabi sa akin, ngunit hindi na kailangang may magsabi pa sa akin sapagkat ikaw, ang iyong sarili, ang nagsabi noon na kapag ang Pilipinas ay tumayo para maghimagsik laban sa Kastilang pang-aalipin, ikaw, habang binata pa, ay tutungo sa bundok upang ipaglaban ang layunin.

Fel: Kailan ko sinabi sa iyo, 'yan?

Pat: Nakalimutan mo noong gabi, noong gabing maliwanag ang buwan, noong ikaw ay lumiligaw pa sa akin at napag-uusap natin 'yan sa may tabing-dagat? Kung nakakalimutan mo 'yon, tatawagin ko ang saksing maliwanag na buwan, ang mga alon na sumasaboy sa dalampasigan, ang mga simoy na kahit ngayon ay sumasalubong sa atin. Tutunguhin ba natin ang dating pook? Nakakalimutan mo 'yon, Felipe? Hindi mo maalaala?

Fel: Oo, naaalaala ko na lahat.

Pat: At... narinig mo na ba ang balita na ang Katipunan ay bumabangon na ngayon.

Fel: Oo. Ako ang isa sa unang nakarinig.

Pat: Kung ganon... ano ang iyong balak ngayon?

Fel: Aba... ang minumutyang **tinubuang lupa** ay nakaharap sa isang napakahalagang sandali at ito na ang oras para sa lahat ng kalalakihan na magtanghal ng kanilang kagitingan.

Samakatuwid, giliw, hayaan mo akong pumabundok sapagkat tungkulin ko kasama ng ating mga kababayang ipakipaglaban ang ating bayan. Masakit sa aking iwan ka at mapait para sa akin ang sumugod sa lambak ng pakikibaka, subalit sa makalawang-wari, nakapananariwang gampanan itong walang kasinghalagang tungkulin sa mapanganib na panahon nitong ating bayan, ito ay ang pinakadakilang tungkulin dito sa daigdig ang nagpapalakas sa aking umanib. Bukod diyan, batid mo na naman, Patria, na lagi akong walang lubay na tinutugis ng ating mga kaaway sanhi ng

mga artikulong sinulat ko sa pahayagang Manila na ipinagtatanggol ko ang karapatan ng ating bayan; Mabuti na ring **magkanlong** sa kabundukan sapagkat dito sa **poblasyon**, nararamdaman kong ako'y nanganganib at hindi ligtas at aking ikinatatakot baka masangkot pa ang mga walang malay; bukod pa riyan, mayroon akong mga pag-aalinlangan at mga pagkatakot na baka mahulog ako sa kamay ng mga kaaway. Dahil sayang, hindi ba matalinong ako'y pumabundok.

Pat: Felipe, hindi ko ibig ang isip mong pumabundok para sumanib sa mga manghihimagsik sapagkat lagi kitang ikababalisa. Isipin mo na lamang ang mga kahirapan ng kanilang buhay at kalagayan doon, kahabag-habag sila; nakikita mo, para silang mga labuyo sa gubat. Saan man sila datnan ng gabi, doon sila magkakanlong matapos **galugarin** ang kabundukan. Ngunit kung sadyang pasya mo na, hindi kita pipigilin! (Magmumuni-muni sila.) Paalala lamang kung iyong mamarapatin.

Fel: Ano 'yon?

Pat: Ito, gawa nang ika'y tinutugis ng mga Kastilang opisyal ng bayan, sa halip na magtiis sa init ng araw at sa ulan sa kabundukan, lihim kang magtungo sa Maynila na makukuhanan mo ng barko patungong Hong Kong at doon ligtas kang makapagtatago. At kapag napayapa nang muli ang Pilipinas, ikaw ay mabalik para tuparin ang ating mga pangako. Ngayon, Felipe, ano sa tanto mo? Mas magaling kayang ikaw ay tumakas sa malayo sa ating katutubong bayan nang makaligtas ka sa mga panganib?

Fel: Iyan ay magaling na plano, Patria, gawang iyan ang iyong ibig. Ngunit pakaisipin mo: Ang Pilipinas ay handa akong **isuplong** at sa aking noo matatak ang kahihiyan, ang walang pagkakaburang tanda ng aking matatak ang kahihiyan, ang walang pagkakaburang tanda ng aking kataklisan sa katutubong bayan sa pagtalikod ko sa kaniya sa panahon ng kagipitan, bukod pa riyan, handa akong isumpa ng aking kababayan sapagkat sa bawat pahina ng pahayagan ako ang pumukaw sa kanilang maghimagsik, at... kanilang iisiping bakit ngayon pa, ako, sa lahat ng tao, ang unang pang uulong. Hindi ba ito'y kahiya-hiyang bagay kong gawin?

Subalit Ah! Patria, ako'y nasa mahirap na kalagayan. Nararamdaman ko ang mga paghihirap saanman ako bumaling. Ako'y **naliligalig**.

Pat: Bakit, Felipe?

Fel: Sapagkat kung ako'y mananatili lang, dito, bagay na ikabubuti ko, dahil palagi kong mamamasdan ang malugod mong mukha, ngunit walang pag-aalinlangan, sa huli madarakip ako at mahuhulog sa mga kamay ng atin mga kaaway. Kung mamundok ako, maaaring hindi nila ako mahuli, ngunit ang buhay ko'y manganganib. Kung tatakas ako patungong Hong Kong, totoong ligtas ang aking buhay at Malaya ako sa mga panganib ng digmaan; ngunit doon, ang puso ko'y hindi liligaya at ang tulog ko'y hindi matitiwasay sapagkat ang nasa diwa ko'y laging ikaw at mag-aalala ako sa maaaring sumapit sa iyo. Hindi ko alam ang **susulingan** ko, Patria, aking mutya. Ang mga iyan kaya ang mabulagatang patay sa akin sa iyong paanan!

Pat: Kung ikaw ay mamamatay, wawakasan ko na rin ang aking buhay. (magbubulay-bulay si Patria at mukhang alalang-alala.)

IKALAWANG YUGTO (Bahagi lamang)

Tagpuan: Sa gilid ng isang malaking gubat. May kaingin sa tabi ng bundok. Pawang punongkahoy ang makikita.

Tagpo 1: PAPASOK SI FELIPE

Fel: Uhoy! Pagod na pagod na ako! (Ilalapag ang kaniyang maleta at ang kaniyang sandata, sisipatin ang pook.) Ano ang mangyayari sa akin? Nabubuhay lamang ako sa mga bungangkahoy. Tatlong araw ko nang naliligid ang buong kabundukan ngunit wala pa akong nakikitang sinuman. Nasaan ang mga rebolusyonaryo? Saan ko sila matatagpuan? Pag hindi ko sila nakita kagipitan ang aabutin ko. Mamamatay ako sa gutom. Maglalaho ako rito sa gubat. O, Diyos ko!

Musika:

Sa mga oras ng paghihirap

Nananabik ako sa aking nililiyag
Nasaan ka, Patria, na sinasamba ko?
Dumulog ka't paginhawain ako sa mga kalungkutan ko.
Magagalak ang puso ko
Kung katabi lamang kita
Matatagpuan ko ang aliw sa mga bisig mo
Sa halip na hibik at buntunghininga
O mapait ang diwa
Ng mga paghihirap na walang ginhawa
Dakilang mga hirap ang aking nadarama
Sa pamamagitan ba nito ang buhay ko'y natapos na?

Tagpo 2: PAPASOK SI DAMON

Dam: (Tututukan ng baril sa likod si Felipe) Bang! Pong!

Fel: (Matatakot, lilingon) O, ikaw pala, Damon... Huwag kang magbiro, lte. (nagtatawanan) Tinakot mo ako nang husto.

Dam: Saan ka galing, lping?

Fel: Pumabundok na ako ng gabing magkita tayo sa bahay. Hindi ko pa nakikita ang mga manghihimagsik. Tatlong araw ko na silang pinaghahanap.

Dam: Anong daan ang tinunton mo?

Fel: (Itinuturo) Ayung isa sa Paling-paling.

Dam: Mabuti na lang walang masamang nangyari sa'yo. Ang malayong daan pala ang tinunton mo. Kaya hindi kataka-takang maligaw ka.

Fel: Aling daan ba dapat ang patungong Kandungaw?

Dam: Tuntunin mo ang daan patungo kina Mang Sorio. Iyon ang malapit na daanan.

Fel: Kaya, heto ako, pagod at **pata**. Ngunit sa palagay ko, kailangang **bathin** ang mga pagsubok sa atin nang maluwag sa puso, sa daan ng ating tinubuang lupa.

Dam: Oo, tama ka...

Fel: Ikaw, Damon? Kailan ka dumating?

Dam: Kahapon lang.

Fel: Makikipaglaban ka rin ba?

Dam: Ano pa ang magagawa ko? Kailangang lumaban tayo. Ano man ang mangyari!

Fel: Gayon pala, nasaan ang inyong mga himpilan?

Dam: Doon, sa likod ng kakahuyang ito. Dito tayo daraan. (Ituturo ang lugar) Halika na, aalis na tayo. Ihayag mo ang iyong sarili sa aming heneral para bigyan ka niya ng baril.

Fel: Nakikita ko na mayroon ka na.

Dam: Siyempre. Ako ang bantay sa mga taguang-hukay. Halika na. Aalis na tayo.

Fel: Hintay, kamusta si Patria? Mabuti ba ang kalusugan niya nang iwan mo siya?

Dam: Kahapon, nakita kong magaling siya. Ngunit ninakawan sila ng mga kabayo at baboy kagabi. Naglipana ang mga magnanakaw sa bayan.

Fel: Masama pala. Mabuti pang umalis na tayo, Damon.

Dam: Tek, dumarating ang heneral... (sasaludo)

Tagpo 3: PAPASOK ANG HENERAL

Heneral: Kamusta ang kalagayan dito, Damon?

Dam: Nasa mabuting kalagayan ang lahat dito, heneral. (Ituturo si Felipe) Ang lalaking ito, Sir. Si Felipe Libre. Gusto niyang sumapi sa atin.

Heneral: (Kay Felipe) Ikaw rin, nais makikipaglaban para sa ating tinubuang lupa?

Fel: Iyan ho ang ipinarito ko, Sir.

Heneral: (Tatango) Mabuti. Nasisiguuro kong ang layunin nating ito ay pagpapalain ng ating Panginoon.

Fel: Ipagpaunmanhin ninyo, Sir, marami ba tayong mga sundalo?

Heneral: O...Oo, sa mga kawal sa kasalukuyan ay napakarami. Ngayon nga mayroon silang pagsasanay. (Kay Damon)

Damon, puntahan mo at sabihan ang Komander ng Kompanya na magpadala rito ng pulutong. Mabuting magsanay rin sila sa linyang ito sapagkat maaaring magkaroon ng labanan dito.

Dam: Opo, Sir. (sasaludo at lalabas)

Tagpo 4: ANG HENERAL AT SI FELIPE

Heneral: Ipagpaunmanhin mo Felipe. Sino ang iyong mga magulang?

Fel: Ang aking ama ay ang yumaong Kapitan Miguel.

Heneral: O... naalala ko siya. Kapitan Miguel Libre; kilala ko siya. Dati akong pumupunta sa inyong bahay nang ako'y kawani pa sa pamahalaang panlalawigan. Hindi kita napansin doon.

Fel: Marahil dahil sa pinalaki ako sa kolehiyo ng mga pari sa Maynila.

Heneral: Hintay sandali. Ikaw ba'y sumasapi sa amin ayon sa sarili mong kagustuhan?

Fel: Opo, Sir. Walang nag-utos sa aking gawin ito. Katunayan, tatlong araw na ang nagugol ko sa paghahanap sa inyo rito sa bundok.

Heneral: Iyan ang tunay na damdamin ng isang magaling na sundalo. Hihirangin kita bilang isang opisyal, ha? (Tatapikin sa balikat si Felipe).

Fel: Nasa sa inyo ho iyon, Sir.

Heneral: Sa mga kolehiyo sa Maynila ang kasanayang military ay isa sa mga kursong pangkalalakihan. Kumuha ka ng kursong ito sa palagay ko.

Fel: Oho, Sir, mayroon akong kaunting kasanayang pang military. Sa aming kolehiyo, nahirang ako bilang Pinunong Opisyal ng batalyon.

Heneral: Ako'y natutuwang marinig iyan na marunong ka nang magbigay utos.

**Tagpo 5:
PAPASOK SI DAMON AT ILANG SANDALI**

Dam: Naririto na sila, Sir.

Heneral: Dito kayo magsasanay. (Malakas na boses: "Fallin"! (Sumusunod ang mga sundalo). Mga kasamahan, sa harap ninyo, hinihirang ko ang taong ito, si Felipe Libre, bilang inyong Tenyente. Mula ngayon, ituturing ninyo siya bilang isa sa inyong mga opisyal. Inaasahan kong susundin ninyo ang kaniyang mga ipinag-uutos. At... Mabuhay ang Pilipinas.

Fel: Oho, Sir, *company, Tention! Right face! Left face! About face! Parade rest! Company Attention! Forward, march! To the rear, march! Company halt.*

MUSIKA

Sundalo Maging maliksi, mga manghihimagsik
Dalhin ang inyong mga baril
Sa larangan ng digmaan
Humanda kayong mamatay.
Kahit kayo'y matumbuwang
Walang anuman ang kamatayan
O, Pilipinas, sa inyong kapakanan
Lahat kami'y handang mamatay.

Kalalakihan at kababaihan, matatanda at kabataan
Lahat ay handang iligtas ka.
Ikaw ay naghihirap sa **paniniil**.
Kami, mga anak mo'y handa nang makitil.
(Magmamartsa patungo sa bambang.)

**IKATLONG YUGTO
(Bahagi lamang)**

Gabing maliwanag ang buwan. Sa loob ng himpilan ng mga sundalo, may mga bangkong nakasandal sa dingding, isang mesa at dalawang silya.

Tagpo 1

Papasok ang Heneral at si Felipe, and huli ay nakaunipormeng pansundalo na.

Heneral: Ito ang himpilan, Felipe. Maupo ka. (Uupo sila.) Masdan mo, tayo ay napapaligiran ng mga dalisdis, bundok at kapatagan. Sa palagay mo kaya, ang kutang ito'y napasakamay ng mga kaaway.

Fel: (liling) Hindi sa palagay ko... ngunit...

Heneral: Bakit, Felipe? Bakit may ngunit?

Fel: Mga sandata. Marahil wala pa tayong sapat na mga sandata at mga munisyon.

Heneral: Siyempre, hindi bawat isa sa puwersa nating umaabot sa 2,000 sundalo ay husto sa kagamitan. Ngunit marami tayong itak.

Fel: Ngunit ano ang mabuting magagawa ng mga itak laban sa libo-libong ripple mayroon ang ating mga kaaway.

Heneral: Hindi bale. Mamamatay tayong lahat, may mga sandata man o wala. Ang kailangan lamang ng ating Inang-bayan ay an gating kagitingan, anumang klase ng sandata ang gamitin natin.

**Tagpo 2:
PAPASOK SI DAMON**

Dam: Heneral! (Sasaludo)

Heneral: Ano yon, Damon?

Dam: May balitang ang ating bayan ay bobombahin; ang simbahan ay ninakawan ng mga insurekto mula sa Hilaga...

Fel: Si Patria? Alam mo ba kung nasaan siya?

Damon: Si Patria ay maaaring narito sa bundok ngayon sapagkat ang bayan, sabi nila ay iniwanang parang isang libingan. Ibig sabihin, kahit mga pusa at aso ay nagsilikas din.

Heneral: Sino ang nagbalit sa'yo nito, Damon?

Dam: Si Kaloy, ang nakababatang kapatid ni Lolay. Sabi pa nga niya sa akin papunta siya rito para sumapi sa atin.

Fel: Nasaan ngayon si Kaloy?

Dam: Sabi niya pupunta raw muna siya kina Tenyente Binoy para tingnan si Lolay.

Fel: Tenyente Binoy! Ang Tiyo ni Patria?

Dam: Oo.

Heneral: Sino ang Patriang itong tinutukoy mo?

Fel: Kaibigan ko, Sir.

Dam: (sa manonood) Sabi niya “kaibigan ko”... kahit na siya ay nobya niya.

Heneral: Ano pa ang nabalitaan mo, Damon?

Dam: Ang mga **picadors o sacadores** ay pupunta rito sa bundok para lusubin tayo.

Heneral: Mabuti! (Tatayo). Hayaan mong pumarito silang may ibig... At ikaw, Damon, bumalik ka sa gilid ng gubat. Magbantay ka doon...

Dam: Oho, Sir! (sasaludo at lalabas.)

Tagpo 5: SI FELIPE AT ANG HENERAL

Fel: Ito ho bang si Ninay ay nasa himpilan ding ito, Sir?

Heneral: Wala. Ngunit nakatara siya malapit sa bahay ni Tenyente Binoy. Palagi naming siyang inaanyayahan dito sapagkat mahusay siyang umawit ng balitaw. Dito, sa gitna ng bundok na ito, balitaw lamang ang nakaaaliw sa amin.

Fel: Ito’y tunay na nakaaaliw, Sir, marahil sa dahilang ito ang katutubong awit at sayaw ng mga Pilipino.

Tagpo 25: PAPASOK SI PATRIA

Pat: Damon, nasaan si Felipe?

Dam: Narito, Pinamumunuan niya ang mga sundalong nagbantay ng kampo.

Pat: Halika, pahiramín mo ako ng salawal, kamiseta, sombrero at baril at makikipagbarilan ako.

Dam: Hesus, Nyora... sasama kayo? Huwag! Nakikiusap ako huwag! Baka mapatay kayo, huwag nawang itulot ng Diyos.

Pat: Walang halaga, walang makapigil sa mundong ito sa akin. Sige na kunin moa ng mga kailangan ko.

Dam: Siya. Hahalinhan ninyo itong lalaking “duwag na matapang.” (Lalabas.)

Tagpo 40: PAPASOK SI DAMON

Dam: (Nanginginig sa takot) Sir!

Heneral: Anong nangyayari, Damon? (Mas malakas na maririnig ang ugong ng mga kanyon.)

Dam: Nakasisindak ang putukan. Natatakot ako, Sir

Heneral: Ah, mahina ka. Lakasan mo ang iyong loob, anak.

Dam: Sino ang hindi matatakot, Sir, makakita ng tagaan, saksakan dito at pagdanak ng dugo doon?

Heneral: Sadyang gayon lagi ang larawang nakikita sa digmaan. (Maririnig muli ang putukan.)

Dam: Kung gayon, paano si Patria, ang kasintahan ni Felipe? Sumama siyang makipaglaban. Nanghiram siya sa 'kin ng mga damit at isang baril na nakita ko sa inyong highaan, Sir.

Heneral: Oo, ngunit... Mauunawaan ang panganib Ano? Naroon si Patria? Pumarito ba siya?

Dam: Pumunta siya rito para making ng balitaw. Naghahapunan kayo noon. Pero napasama sila sa kaguluhan dito sa kampo.

Heneral: Nasaan siya, kung gayon?

Dam: Nasa larangan kasama ng mga sundalo natin.

Heneral: (sa sarili) Panginoon ko! Kung si Patria’y masawi habang nakikipaglaban, huwag

nawang itulot ng langit! Mabigat kong daramdamin ang pagkawala ng kaniyang buhay. Patria! O, kay tamis ng pangalang ito. Sagisag ito ng ating Inang-bayan, Patria... napakahalaga para mapatay gayong mahalaga lamang na siya'y pag-alayan natin ng ating pinakabuhay (kay Damon) Damon! Lumisan ka at iyong hanapin si Patria. At iyong sabihin sa kaniyang inaatasan ko siyang iwan ang luklukan ng digmaan at magkanlong dito sa ating himpilan.

Dam: Dapat ba akong gumitna sa putukan? Paano kung tamaan ako ng mga bala, Sir?

Heneral: (maiinis) Anong magagawa natin? Ngayon, humayo ka! (ipapadyak ang paa)

Dam: Sige na nga gagawin ko na. Susubukin ko ang mga balang ito. Mangyari, maaari ding mabait sila... (lalabas)

Tagpo 43: PAPASOK SI DAMON

Heneral: Ano ngayon, Damon? Nasaan si Patria!

Dam: Patay na siya.

Fel: Patay? Patria, namatay? (hihimatayin at mabubuwal sa sahig; paliligiran nila itong papaypayan)

Heneral: Damon, talaga bang nakita mo ng iyong sariling mga mata ang bangkay ni Patria?

Dam: Sir, hindi ko nakita ang bangkay niya; pero hindi ko rin siya nakitang buhay.

Heneral: Kung gayon, paano mo napatunayang patay na siya? (Galit) Basta ka magsasalita ng walang kabuluhan! Buhay siya. Hala sige, hanapin mo siya. (lalabas si Damon, ngunit masasalubong si Patria sa pintuan).

Tagpo 44: PAPASOK SI PATRIA, LOLAY AT INE

Dam: (Sa may pintuan), O, heto na si Patria.

Heneral: Nakita mo! Ngunit sinabi mong patay na siya:

Pat: (Papalapit) Magandang gabi sa inyong lahat, mga ginoo.

Heneral: Magandang gabi naman.

Dam: Nyora, ay Inor, Patay na si Felipe? (Ituturo si Felipe)

Pat: Ha? Patay na si Felipe? (Hihimatayin; papaypayan nina Lolay at Ine.)

Heneral: (Babatukan si Damon.) Hindi patay si Felipe, hinimatay lamang dahil sa 'yong kalokohang ibinalita na si Patria ay patay na. At ngayon tingnan moa ng pinsalang ginawa mo! (Ituturo) Pati si Patria ay nahimatay sa kalokohan mo.

Fel: (mahihismasman) Bakit, ano ang nangyari? Sino yan?

Heneral: Si Patria. Hinimatay siya dahil pinasalabungan siya ni Damon ng balitang ikaw ay patay na.

Fel: (nagmamadaling tutungo sa tabi ni Patria) Gumising ka, Patria, gising.....

Pat: (mahihismasman) O, Felipe.

Heneral: Ngayon, mga ginoo, awitin natin ang "Awit sa Yutang Natauhan."

MUSIKA:

Lupang pinakasasamba
Dito, sa sinisikatan ng araw
Kung saan ang init
Namamasong walang hanggang.
Lupa ng pag-ibig
Na sinilangan ng matatapang,
Ang mga manlulupig...
Di makapanlalapastangan.
Mulang karagatan,
Hanggang kapatagan,
At ang kabundukan,
Mga anak mo'y sa'yo lagi umaasam
Oo mga anak mo'y sa'yo lagi umaasam
At panambitan
Ng iyong kalayaan,
Lupa ng pag-ibig.
Ang iyong watawat sa larangan ng digamaan
Kumakaway-kaway sa pinagtagumpayan.

Mga bituin nito't araw
Di kailanman mawawalang ilaw.
Lupaing kay ganda
Sa'yong dibdib
Kay tamis mabuhay
Kalwalhatian ito
Ng iyong mga anak
Ang mamatay sa iyo,
Kapag ika'y hinamak.

BABABA ANG TELON -Wakas

Sa pamamagitan ng binasang dula, magkakaroon ka na ng kaalaman kung paano binibigyang-buhay at pinahahalagahan ang pamumuhay, pag-uugali at iba pang aspeto ng kultura ng lugar na pinagmulan nito. Maiuugnay ang ilang tagpo rito kung paano naiuugnay sa anumang pagdiriwang sa Kabisayaan ang ilang pangyayaring isinasalaysay sa dula.